

Pagpapalawak ng Light Rail sa West Seattle & Ballard Bumubuo ng Mga Konektadong Komunidad

Lumalawak ang Link Light Rail sa Seattle!


Magtatayo ang Sound Transit ng 13 na bago at pinalawak na mga istasyon ng light rail na may serbisyo sa West Seattle sa 2032* at sa Ballard sa 2037-2039*. Ang pangunahing pagpapalawak ng light rail sa Seattle ay kinabibilangan ng bagong transit na tunnel sa ilalim ng Downtown at dalawang tawiran sa katubigan. Ito ang pinaka-malaking pamumuhunan sa transit sa kasaysayan ng ating lungsod.

Pinaplano ng Lungsod ang bagong light rail upang tiyakin ang mabilis at maaasahang mga koneksyon ng transit sa pagitan ng mga kapitbahayan at mga sentro ng trabaho, at gayundin upang paghusayin ang ating mga kapitbahayan nang sila'y maging mas-inklusibo, abot-kaya, at magkakakonektado sa mga destinasyon.

*Para sa mga detalya ng mga petsa sa pag-tatapos ng proyekto, mangyaring tingnan ang Sound Transit na website (bit.ly/3Bq6VYQ)

Magkasama tayong magplano

- Ang pagkakapantay-pantay ng lahi at hustisyang panlipunan ay ang pundasyon para sa paggawa ng desisyon ng Lungsod sa mga light rail station at paghahanay.
- Magbibigay ang bagong serbisyo ng light rail sa inyong kapitbahayan ng magaling at maasahang opsyon para maihatid kayo sa kung saan ninyo kailangan pumunta.
- Mga bagong abot-kayang pabahay at mga negosyo na matatagpuan malapit sa mga istasyon ay maaaring pagandahin ang sari-saring kapitbahayan na may mas-maraming mga lugar na matitirahan, pagtatrabahuan, at pamimilihan.
- Ang pagbawas ng ating pagdepende sa mga kotse at ang pagbibigay sa ating mga residente ng tunay at malinis na alternatibong enerhiya para sa transportasyon ay makakatulong sa atin upan labanan ang pagbabago ng klima.



Sama-samang nagtutulungan ang Lungsod ng Seattle at Sound Transit upang makipag-ugnayan sa mga komunidad sa kabuuan ng prosesong ito. Ang bawat kasosyo ay may papel sa pagkokonekta sa mga komunidad upang maisatupad ang proyektong ito sa takdang oras, na nasa badyet, sa mga paraan na nananagutan sa mga pangangailangan at mga adhikain ng komunidad.

City of Seattle Tungkulin ng

- Nakaupo sa Sound Transit Board si Mayor Bruce Harrell at Miyembro ng Konseho na si Debora Juarez na siyang gagawa ng pinaka-huling disisyon.
- Magplano ng pabahay, mga negosyo, at mga bukas na espasyo upang pagandahin ang nang husto ang mga kapitbahayan sa paligid ng bagong istasyon.
- Magbigay ng mga permiso sa Sound Transit na magtayo ng mga estasyon at riles.

SOUNDTRANSIT Tungkulin ng

- Suriin ang potensiyal na paghahanay at mga lokasyon ng estasyon.
- Paunang pagpapalano, pangkalikasang pagsusuri at disenyo ng sistema ng light rail.
- Itayo at patakbuhan ang bagong sistema ng tren.



Iskedyul

Patuloy na Pakikilahok ng Komunidad

Kinilala ng Sound Transit Board ang mga masnapipilian na alternatibo para sa West Seattle Link, humiling ng dagdag na pag-susuri para sa mga alternatibo sa Ballard Link

Hulyo 2022

Mangangasiwa ang Lungsod at Sound Transit ng pampublikong ugnayan para sa Pagpapalano ng Konteksto ng Istasyon

Huling bahagi ng 2022
-Kalagitnaan ng 2023

Susuriin ng Sound Transit Board ang mga hiniling na pag-aaral

Aalamin pa ang aksiyon ng Board sa Ballard Link

Pebrero 2023

Pangwakas na Ulat sa Epekto ng Kapaligiran (FEIS) inilathala

Huling bahagi ng 2023
- Unang bahagi ng 2024

Ang pagkumpirma ng pangwakas na paghahanay ng ruta at mga lokasyon ng istasyon na isinagawa ng Sound Transit Board, Federal Transit Admin., at ng Konseho ng Lungsod ng Seattle


Unang bahagi ng 2024

Pagpapalano sa Paligid ng mga Istasyon

Matapos kilalanin ng Sound Transit ang pinaka-huling mga lokasyon ng mga istasyon ng light rail sa simula ng 2024, sisimulan ng Lungsod ng Seattle ang proseso ng pagpapalano sa lugar ng istasyon at ang pakikipag-ugnayan sa mga komunidad upang:

- Planuhin ang mga pagpapahusay sa lakaran, daanan ng bisikleta at bus para tulungan kayong makarating sa mga istasyon.
- Kilalanin ang mga pagkakataon para sa pabahay, pamimili, at mga bukas na espasyo upang makapaglikha ng abot-kaya, matitirahang mga kapitbahayan sa paligid ng bagong mga istasyon.
- Magtatag ng mga priyoridad sa pagbibigay-alam sa pagpapalabas ng permiso sa proyekto.

Nagsusumikap ang Lungsod na ipatupad ang Race and Social Justice Initiative nito sa pamamagitan ng proyektong ito, na may espesyal na pagtutok sa mga komunidad na may kulay na ang mga kapitbahayan ay makasaysayang umako sa mga pasanin ng malalaking proyektong pang-imprastruktura.



Ang Lungsod ng Seattle at Sound Transit ay nagtutulungan upang planuhin ang lugar ng **Konteksto ng Istasyon**, na siyang lugar sa loob ng isa hanggang dalawang bloke mula sa istasyon. Kasama sa pagpapalano ng Konteksto ng Istasyon ang mga pagpipilian sa disenyo para sa mismong istasyon, ang bukas na espasyo sa paligid ng istasyon, mga hintuan ng bus, at higit pa.

Tungkulin ng Lungsod ang makipag-ugnayan sa mga komunidad upang magplano ng masmalawak na **Lugar ng Istasyon**, na tipika ay ang lugar na nasa loob ng kalahating milya mula sa istasyon.

Manatiling Kabahagi

Alamin ang tungkol sa mga darating na mga pagpupulong ng komunidad sa Lungsod at lumahok para sa mga napapanahon na pagbabago sa seattle.gov/lightrail

Para sa pinakabagong impormasyon sa Sound Transit, bisitahin ang soundtransit.org/wsblink.

Mga Contact sa Lungsod ng Seattle

Sara Maxana
Pamumuno &
Transportasyon
206.233.3369
sara.maxana@seattle.gov

Vera Giampietro
Pagpapalano & Disenyo
206.684.0431
vera.giampietro@seattle.gov

Nicole Kistler
Pakikipag-ugnayan
206.962.9266
nicole.kistler@seattle.gov

Alamin ang higit pa sa seattle.gov/lightrail

Ang Lungsod ng Seattle ay hinihimok ang lahat na lumahok sa mga programa at mga aktibidad nito. Para sa mga impormasyon tungkol sa mga may kapansanan, mga materyales na nasa alternatibong anyo, o impormasyon sa pag-access, kontakin si Nicole Kistler | 206.962.9266 | nicole.kistler@seattle.gov sa inyong pinaka-maagang pagkakataon.